




Philippine
Overseas
Employment
Administration

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501
Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155, 722-1166, 722-1177

PLEASE ROUTE WITHIN
YOUR BRANCH

ADVISORY NO. 04 -A
Series of 2019
(Filipino Translation)



**ANG MGA PARTIDONG MANANAGOT SA PAGBABAYAD NG GASTOS SA
PAGPAPAUWI NG OFWS MULA SA TAIWAN**

Isinasaad sa Artikulo 60 ng Employment Services Act ng Taiwan na kapag ang isang OFW sa Taiwan ay pinauwi ng otoridad na namamahala sa pagpasok at paglabas ng mga dayuhan pabalik sa kanyang sinilangang bansa, ang mga gastusin sa nasabing pagpapauwi at ang anumang gastos para sa pagpapakulong ng OFW bago pauwiin ay babayaran ng mga sumusunod ayon sa pagkakasunod-sunod na prayoridad:

1. Ang tao na nagbigay ng illegal na trabaho sa OFW upang makapag-trabaho sa Taiwan.
2. Ang employer ng OFW na may kinalaman sa mga dahilan ng pagpapauwi.
3. Ang OFW na pinapauwi.

Kung higit sa isang tao ang nasa #1 sa naturang listahan, silang lahat ay magkakasama sa responsibilidad sa pagbabayad ng gastos.

Ang employment security fund na pinangangasiwaan ng Ministry of Labor ang syang gagamitin bilang paunang kabayaran sa gastos na natamo. Ang mga gastos na ito ay dapat bayaran ng mga taong nabanggit sa listahan, kung saan ang karampatang otoridad na nangangasiwa sa nasabing pondo (ang Ministry of Labor) ay dapat mag-abiso sa mga taong may pananagutan at maglalaan ng takdang oras upang mabayaran ang nasabing pondo. Kung ang mga taong may pananagutan ay hindi makakapagbayad sa loob ng takdang oras, ang nasabing otoridad ay magsasagawa ng hakbang alinsunod sa batas upang kolektahin ang nasabing halaga.

Kung ang employer na nabanggit sa #2 ay nagbayad ng bond, ang employer ay maaaring mag-apply sa Ministry of Labor upang maibalik ang naturang bond sa pamamagitan ng pagpapasa ng sertipikadong dokumento na nag-papatunay ng kanilang pagbayad.

Para sa kaalaman at patnubay ng lahat ng kinauukulan.


BERNARD P. OLALIA
Administrator

CONTROLLED AND DISSEMINATED
BY CRD ON 27 FEB 2019